DO CSJDM
RELEASED
JUL 25 2018
By: 8:03
Records Unit

Republika ng Pilipinas
**KAGAWARAN NG EDUKASYON**
Rehiyon III – Gitnang Luzon
**SANGAY NG PAARALANG LUNGSOD NG SAN JOSE DEL MONTE**
San Ignacio St., Poblacion, Lungsod of San Jose del Monte 3023

Hunyo 17, 2018

**PANSANGAY NA MEMORANDUM**
**Blg. 106 s. 2018**

**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2018**

1. Bilang pagtalima sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 119, s.2018 ng Kagawaran ng Edukasyon, ang DepEd Sangay ng San Jose del Monte ay kaisa ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) na mangunguna sa taunang pagdiriwang sa Buwan ng Wikang Pambansa 2018 mula Agosto 1 – 31 alinsunod sa itinakda ng Pampanguluhang Proklamasyon Bilang 104, s. 1997.
2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:
   a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997.
   b. mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at ampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko; at
   c. maganyak ang mga mamamayang Filipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.
3. Ang lingguhang paksa sa loob ng isang buwang pagdiriwang ay ang mga sumusunod:
   a. Filipino: Kasangkapan sa Pambansang Karunungan;
   b. Kayamanang Kultural: Saliksikin Gamit ang Sariling Wika natin;
   c. Filipino, Isang Dakilang Pamanang-Bayan; at
   d. Intelektuwalisasyon ng Filipino, Para sa Kaunlaran ng Bansa
4. Inaasahang ang bawat paaralang Pribado at Publiko - Elementarya at Sekundarya ay magdaraos ng simpleng pagdiriwang sa Buwan ng Wika batay sa temang Filipino: Wika ng Saliksik.
5. Isagawa ang pagsaayos ng mga paskilan na naglalahad ng mga gawain at anunsyo na may kaugnayan sa pagdiriwang nang naaayon sa lingguhang paksa na magsisilbing batayan at patnubay.
6. Mariing ipinaaalala sa lahat na pangklasrum lamang ang mga paligsahang isasagawa upang maiwasan ang pag-abala sa mga klase.
7. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

GHPascual
**GERMELINA H. PASCUAL, CESO V**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralang Panlungsod